**ANTIPONA SA KOMUNYON** • *Mt 19:28-29*

**AMEN,** dico vobis: quod vos, qui reliquístis ómnia et secúti estis me, céntuplum accipiétis, et vitam ætérnam possidébitis (T.P. Alleluia.)

**SINASABI** ko sa inyo ang totoo, ang sinumang nag-iwan ng lahat para sa akin y tatanggap ng makasandaang ulit at magmamana ng buhay na walang hanggan. (P.P. Aleluya.)

**PANALANGIN MATAPOS ANG KOMUNYON**

**SIT** nobis, Domine, reparatio mentis et corporis caeleste mysterium: et praesta; ut, cuius exsequimur cultum, intercedente sancto Isidoro Confessore tuo, sentiamus effectum. Per Dóminum.

**NAWA'Y** makapagdulot sa amin ng kalusugan sa kaluluwa't katawan, Panginoon, itong makalangit na sakramento, at itulot Mo, pakundangan kay San Isidro na iyong Confesor, tumalab nawa sa amin ang ginawa naming pagsamba at pagpipista sa karangalan niya. Alang-alang sa Anak Mo, si Jesucristo...

*Paggunita kay San Juan Bautista de La Salle, sa ika-15 ng Mayo:*

**PANALANGIN MATAPOS ANG KOMUNYON**

**REFECTI** cibo potúque coelésti, Deus noster, te súpplices exorámus: ut, in cujus hæc commemoratióne percépimus, ejus muniámur et précibus. Per Dóminum.


**PINAGINHAWA'T** tumanggap nitong makalangit na pagkain at inumin, pakumbaba kaming nagsusumamo sa Iyo, O Dios namin, na matulungan nawa kami ng pagdalangin para sa amin ng iyong Banal na aming ipinagdiriwang sa lupang ibabaw. Alang-alang sa Anak Mo, si Jesucristo...

**Hermandad de la Sagrada Eucaristia**
**Latin Mass Society of Cavite**

*Comision Para sa Pagsasalin*

# MAYO 15

Hanay ng Mga Banal Para sa Bansang Pilipinas




## SAN ISIDRO LABRADOR

*Misa "Justus ut palma"*
*• III cl. • Doblemayor • Puti*

** May karaniwan na Walong Araw na Pagdiriwang (Octava) sa mga lugar, simbahan, at pook-dasalan na siya ang pintakasi o tagapagtangkilik.*

Si San Isidro, ang banal na Magsasaka, ay buhat sa lungsod ng Madrid, at isang lingkod sa isang sakahan doon. Walang mintis, tuwing umaga bago ang kaniyang trabaho, siya'y nakikinig ng Misa sa isa sa mga simbahan sa naturang lungsod. Isang araw, nagreklamo ang isa sa kaniyang mga kasamahan kung bakit laging huli sa pagpasok sa umaga si Isidro.

Ayon sa isang kwento, natagpuan si Isidro ng kaniyang amo na nananalangin, habang ang isang Anghel ng Dios ang nag-aararo para sa kaniya. May isa pang pagkakaton na nakita ng amo niya na may dalawang Anghel na tumutulong kay Isidro.

May isa pang kwento na muling nakapagpabuhay siya ng patay; ito umano ang anak na babae ng kaniyang amo. At doo'y bumukal ang isang masarap na tubig mula sa tigang na lupa nang mapawi ang uhaw ng kaniyang amo.

May isa silang anak na binatilyo, subalit pumanaw sa gulang na iyon. Sa isa pang pagkakatao'y nang ang anak nila'y nahulog sa balon, nanalangin ang kaniyang mga magulang at sinabing umakyat ang tubig hanggang sa lupa; at hindi naano ang kanilang anak. Kaya naman pagkatapos nito'y nanumpa si Isidro at kaniyang maybahay na mamuhay sa kalinisang-puri, at manahan nang magkalayo't magkaibang bahay.

Apatnampung taon makalipas ang kamatayan ni Isidro, ang kaniyang labi ay dinala sa isang simbahan ni San Andres. Sinasabi rin na nagpakita siya kay Haring Alfonso ng Castillo; si Haring Felipe II naman, nang dinalaw ng malubhang karamdaman, ay napagaling sa labi nitong Banal. Dahil sa mga himala at pagsasaksi na ito, inihayag siyang dapat tularan at paminutuhan ng bayan ng Dios bilang isang Santo, ni Papa Gregorio XV.

Noong taong 2022, ipinagdiwang ang ika-400 na guning taon ng kaniyang Kanonisasyon.

Si San Isidro ang tagapagtangkilik at tagalingap ng mga aba't dukha at mga manggagawa.

## PREPASYO NG LAHAT NG MGA BANAL AT PINTAKASI

Ang Prepasyo na ito ay magagamit para sa kapistahan ng lahat ng mga simbahan at pook-dasalan na ang Pintakasi ay si San Isidro.

| | |
|---|---|
| **Vere dignum** et iustum est, æquum et salutáre, nos tibi semper et ubique grátias ágere: Dómine sancte, Pater omnipotens et aeterne Deus: | **Tunay ngang marapat** at matuwid, angkop at nakagagaling, sa lahat ng dako at sandali na magpasalamat kaming lagi sa Iyo, Panginoong banal, Amang makapangyarihan at walang hanggang Diyos: |
| Qui glorificáris in concílio Sanctórum, et eórum coronándo mérita, corónas dona tua: qui nobis in eórum præbes, et conversatióne exémplum, et communióne consórtium, et intercessióne subsídium: ut tantam habéntes impósitam nubem téstium, per patiéntiam currámus ad propósitum nobis certámen, et cum eis percipiámus immarcescíbilem glóriæ corónam. | Ikaw ang niluluwalhati sa pangkat ng mga banal; at bilang pagkilala sa kanilang mga ginawang kabanalan, ipinagbabantog mo ang iyong mga biyaya. Sa kanilang pamumuhay sila'y isang huwaran; sa aming pakikiisa sa kanila, ipinagkakaloob mo ang kanilang pakikipagkaibigan sa amin; sa kanilang panalangin, pinalalakas mo kami't ininiingatan. Ang makapal na saksing ito ay naghihikayat sa amin na magtagumpay at makihati sa kanilang kinamtan na korona ng kaluwalhatian. |
| Per Iesum Christum Dóminum nostrum, cuius sánguine ministrátur nobis intróitus in ætérnum regnum. | Sa pamamagitan ni Jesucristong Panginoon namin, na, sa kaniyang Dugo kami'y marapat na makapasok sa walang hanggang kaharian Mo. |
| Per quem maiestátem tuam treméntes adórant Angeli, et omnes Spiríttuum cæléstium chori sócia exsultatióne concélebrant. Cum quibus et nostras voces, ut admítti iubeas, deprecámur, súpplici confessióne dicéntes:<br>— **Sanctus, Sanctus, Sanctus…** | Kaya sa pamamagitan niya, ang makapal na mga anghel sa kalangitan, nagpupuri kasama ng mga Dominasyon at Potestad ay nag-pupuri at sumasamba sa iyong kamahalan. Ang mga hukbo ng langit at ang mga Serapin ay kaisa nilang nagpupuri sa Iyo. Kaya kasama nila ay ipinagbubunyi naming walang humpay ang iyong kaluwalhatian:<br>— **Santo, Santo, Santo Panginoong Diyos ng mga hukbo…** |

**Antipona sa Pag-aalay** • *Ps 20:2-3*

**In virtute** tua, Dómine, lætábitur justus : et super salutáre tuum exsultábit veheménter : desidérium ánimæ ejus tribuísti ei.

**Sa 'yong lakas,** Poong Mahal, ang mga matuwid ang puso'y magagalak; at sa iyong pagliligtas ay napakalaki ng kanyang kagalakan! Ipinagkaloob Mo ang hangad ng kanilang mga kaluluwa.

**Panalangin Ukol sa mga Alay**

**Propitiare,** Domine, supplicationibus nostris, et has populi tui oblationes benignus assume: ut, intercedente beato Isidoro Confessore tuo, quod fideliter petimus, efficaciter consequamur. Per Dóminum.

**Malubag** nawa ang iyong kalooban, Panginoon, pakundangan sa aming pagdalangin sa Iyo, at tanggapin Mo nawa ang pag-aalay nitong iyong bayan, upang sa pamamagitan ni San Isidro na iyong Confesor, ang lahat naming pagluhog ay tuparin Mong buo. Alang-alang sa Anak Mo, si Jesucristo...

*Paggunita kay San Juan Bautista de La Salle, sa ika-15 ng Mayo:*

**Panalangin Ukol sa mga Alay**

**Laudis** tibi, Dómine, hóstias immolámus in tuórum commemoratióne Sanctórum : quibus nos et præséntibus éxui malis confídimus, et futúris. Per Dóminum.

**Iniaalay** namin sa Iyo, Panginoon, itong haing papuri bilang paggunita sa Iyong mga Banal: umaasa kaming mahahango kami sa kasalukuyan at panghinaharap na mga kasamaan. Alang-alang sa Anak Mo, si Jesucristo...

# ANG MISA

*Ang pagmimisa na ito ay mula sa* Ika-2 Misa Para sa Confesor na Hindi Obispo*, maliban sa mga nakatakda.*

**Pambungad na Antipona** • *Ps 91:13-14*

**Justus** ut palma florébit : sicut cedrus, quæ in Líbano est, multiplicábitur. (T.P. Alleluia, alleluia) — *Ps 91:2* Bonum est confitéri Dómino : et psállere nómini tuo, Altíssime. *V.* Gloria Patri. Justus.

**Ang matuwid** na tao'y yayabong na parang palmera, at darami't uunlad tulad ng isang sedro sa Libano. (P.P. Aleluya, aleluya) — *Salmo 91:2* Mabuti ang magpasalamat sa Poong Mahal: kaya't umaawit kami sa Iyong Ngalan, O Kataas-taasang Dios. *V.* Luwalhati sa Ama. — Ang matuwid na tao'y...

▪ *Aawitin ang* Gloria in Excelsis Deo (Luwalhati sa Diyos)

**Panalangin sa Misa (Kolekta)**

**Da** nobis, quaesumus, misericors Deus: beato Isidoro agricola Confessore tuo intercedente, superbe non sapere; sed eius meritis et exemplis, placita tibi semper humilitate deservire. Per Dominum.

**Ipagkaloob** Mo nawa sa amin, O mahabaging Dios: at pakundangan sa pamamagitan ni San Isidro na magsasaka na iyong Confesor, ang Iyong paglingap laban sa kayabangan buhat sa karunungan: upang sa kaniyang karapatan at pagkauliran, mapaglingkuran ka naming marapat nang may mababang kalooban. Alang-alang sa Anak Mo, si Jesucristo...

*Paggunita kay San Juan Bautista de La Salle, sa ika-15 ng Mayo:*

**Panalangin sa Misa (Kolekta)**

**Deus,** qui, ad christiánam páuperum erutitiónem et ad juvéntam in via veritátis firmándam, sanctum Joánnem Baptístam Confessórem excitásti, et novam per eum in Ecclésia famíliam collegísti: concéde propítius; ut ejus intercessióne et exémplo, stúdio glóriæ tuæ in animárum salúte fervéntes, ejus in cœlis corónæ

**O Dios,** para sa Cristianong katuruan ng mga aba't dukha at pagpapatibay ng kalooban ng mga kabatan sa landas ng katotohanan, ibinigay Mo sa iyong bayan ang iyong Confesor na si San Juan Bautista, at sa pamamagitan niya'y bumuo Ka ng bagong angkan sa iyong Simbahan: ipagkaloob Mo nawa, pakundangan sa kaniyang pagdalangin at pagkauliran, na marapat makibahagi sa putong ng kaluwalhatian na nakamit niya sa Langit,

| | |
|---|---|
| partícipes fíeri valeámus. Per Dominum. | habang sa lupang ibabaw kami'y masigasig na nagsusumikap na makapagligtas ng mga kaluluwa para sa Iyo. Alang-alang sa Anak Mo, si Jesucristo... |

**SULAT** • *Sn 5:7-8, 11, 16-18*

Pagbasa mula Sulat ni Apostol Santiago.

**MGA KAPATID:** Magtiyaga kayo hanggang sa pagdating ng Panginoon. Tingnan ninyo ang magsasaka. Buong tiyaga niyang hinihintay ang mahalagang ani ng kanyang bukirin, at inaabangan ang pagdating ng tag-ulan. Dapat din kayong magtiyaga. Tibayan ninyo ang inyong loob sapagkat nalalapit na ang pagdating ng Panginoon. Tunay na tinatawag nating mapapalad ang mga nagtiis. Narinig ninyo ang tungkol sa pagtitiis ni Job, at inyong nakita ang layunin ng Panginoon, kung paanong ang Panginoon ay punô ng pagkahabag at pagkamaawain. Kaya nga, ipagtapat ninyo sa isa't isa ang mga kasalanan niyo at ipanalangin ang isa't isa para gumaling kayo. Malaki ang nagagawa ng panalangin ng taong matuwid, katulad ni propeta Elias. Tao rin siyang tulad natin. Mataimtim siyang nanalangin na huwag umulan, at hindi nga umulan ng tatlo't kalahating taon. At nang nanalangin siya para umulan, bumuhos ang ulan, at namunga ang mga pananim. — *R.* **Salamat sa Dios.**

**DAKILANG ALELUYA** • *Sn 1:12; Sir 45:9*

| | |
|---|---|
| **Allelúia, allelúia.** *V.* Beátus vir, qui timet Dóminum : in mandátis ejus cupit nimis. | **Aleluya, aleluya!** *V.* Mapalad ang tao na may takot sa Panginoon, at nagagalak sa Kaniyang mga iniuutos. |
| **Alleluia.** *V.* Justus germinábit sicut lílium : et florébit in ætérnum ante Dóminum. **Alleluia.** | **Aleluya.** *V.* Ang matuwid na tao'y lalago na parang azucena, at yayabong kailanman sa harap ng Poong Mahal. **Aleluya.** |

*Sa nalalabing panahon ng taon na hindi Pascua:*

**PANINGIT NA AWIT (GRADUAL)** • *Ps 36:30-31; Ps 111:1*

| | |
|---|---|
| **OS** iusti meditábitur sapiéntiam, et lingua ejus loquétur judícium. | **LABI** ng matuwid na tao'y namumutawi'y karunungan, at dila niya'y nangungusap ng katuwiran. |
| *V.* Lex Dei ejus in corde ipsíus : et non supplantabúntur gressus ejus. | *V.* Ang mga utos ng Dios ay laging nasa kaniyang puso, at hindi Niya hahayaang matisod ang kaniyang mga paa. |
| **Allelúia, allelúia.** *V.* Beátus vir, qui timet Dóminum : in mandátis ejus cupit nimis. **Alleluia.** | **Aleluya, aleluya!** *V.* Mapalad ang tao na may takot sa Panginoon, at nagagalak sa Kaniyang mga iniuutos. **Aleluya.** |

*Sa mga Misa Votiva, makalipas ang* Septuagesima *at buong panahon ng* Kwaresma*, ang* Aleluya *ay papalitan ng sumusunod:*

**TRACTO** • *Ps 111:1-3*

| | |
|---|---|
| **BEATUS** vir, qui timet Dominum: in mandatis eius cupit nimis. | **MAPALAD** ang taong may takot sa Panginoon, at sumusunod sa Kaniyang mga utos. |
| *V.* Potens in terra erit semen eius: generatio rectorum benedicetur. | *V.* Makapangyarihan ang kaniyang magiging binhi dito sa lupa, at ang lahi ng matuwid ay pagpapalain. |
| *V.* Gloria et divitiae in domo eius: et iustitia eius manet in saeculum saeculi. | *V.* Kasagaanaan at kayamanan ay nasa kaniyang bahay: at kaniyang kabutiha'y nananatili magpakailan man. |

**EBANGHELYO** • *Jn 15:1-7*

Ang pagpapatuloy ng Ebanghelyo ayon kay San Juan.

**NOONG PANAHONG IYON:** Sinabi ni Jesus sa kaniyang mga alagad: "Ako ang tunay na puno ng ubas, at ang aking Ama ang tagapag-alaga. Pinuputol niya ang aking mga sangang hindi namumunga, at nililinis niya ang bawat sangang namumunga para lalo pang mamunga. Malinis na kayo dahil sa mga salitang sinabi ko sa inyo. Manatili kayo sa akin at ako'y mananatili sa inyo. Hindi makakapamunga ang isang sanga malibang nakakabit ito sa puno. Ganoon din naman, hindi kayo makakapamunga kung hindi kayo mananatili sa akin. Ako ang puno ng ubas, at kayo ang aking mga sanga. Ang taong nananatili sa akin at ako rin sa kanya ay mamumunga nang marami. Sapagkat wala kayong magagawa kung hiwalay kayo sa akin. Ang hindi nananatili sa akin ay tulad ng mga sangang itinatapon at natutuyo, at pagkatapos ay tinitipon at inihahagis sa apoy para sunugin. Kung mananatili kayo sa akin at ang mga salita ko'y mananatili sa inyo, ipagkakaloob ko ang anumang hilingin ninyo." — *R.* **Pinupuri ka namin, Panginoong Jesucristo.**

▪ *Sa mga lugar, simbahan, at pook-dasalan na si San Isidro ang pintakasi, may* Credo *o* Sumasampalataya.